# Community-based testing sa QC ngayong linggo

Sisimulan na ng Quezon City government ngayong linggong ito ang pagsasagawa ng community-based testing upang maibaba ang bilang ng mga nagkakasakit ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) sa lunsod.

Ayon kay QC Health Department Chief Dr. Esperanza Arias, may inisyal na 1,300 test ang kanilang gagawin sa mga lugar sa lunsod na may mataas na bilang ng mga persons under investigation (PUIs) at ang kits ay magmumula sa Department of Health (DOH) .

Ang lokal na pamahalaan ay magkakaroon pa ng dagdag na 1,500 test kits sa pakikipagtulungan ng Philippine Red Cross.

Kaugnay nito, sinabi ni Dr. Rolando Cruz, head ng Epidemiology and Surveillance Unit ng QCHD, na kabilang sa mga isasalang sa test ay ang mga taong nagpapakita ng sintomas ng COVID-19 .

Anya, ang mga testing centers ay may mga swab booths na magbibigay ng proteksyon sa mga healthcare workers at makakatulong na makatipid sa gamit ng personal protective equipment (PPE). *(Angie Dela Cruz)*